ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 8
Abril 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Palakasin at palawakin ang NDF, makibaka laban sa imperyalismong US

Nakikiisa ang Partido at ang Bagong Hukbong Bayan sa napipintong paggunita ng ika-52 anibersaryo ng National Democratic Front sa Abril 24. Itanghal at ipagdiwang natin ang mga nakamit at tagumpay ng NDF sa mahigit limang dekadang pagbubuklod sa sambayanang Pilipino, sa pagtataguyod at pagkakatawan sa kanilang pambansa at demokratikong mga hangarin, at pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan.

Hindi mapasusubalian ang malaking kabuluhan ngayon ng paggunita sa araw ng pagtatag ng NDF. Bilang pinakakonsolidadong bahagi ng pambansang nagkakaisang prente at bakal na ubod ng patriyotikong prente ng sambayanang Pilipino, napakahalaga ngayon na tumindig nang matuwid at matatag ang NDF. Ito ay sa harap ng tumitinding panghihimasok at humihigpit na kontrol ng imperyalismong US sa militar, pulitika, ekonomya at kultura ng bansa, sa gitna ng pinasisidhi nitong sigalot sa imperyalistang karibal na China. Hatid nito'y walang kaparis na pananalanta, pagdurusa at banta sa kalayaan, kaligtasan at dignidad ng sambayanang Pilipino.

Dapat buuin ng NDF ang malapad na pagkakaisa ng sambayanan laban sa hungkag na "deterrence policy" o patakaran ng pagpapakita ng malakas na pwersang militar ng US para diumano pigiling umatake ang China. Sa ilalim ng patakarang ito, ginagamit ng militar ng US ang Balikatan at kaliwa't kanang mga war games, para ipwesto ang mga sandata at tauhan nito sa iba't ibang panig ng bansa. Layunin nito, hindi ang pigiling umatake ang China, kundi ang sindakin at upatin ito.



Sentro ngayon ng pokus ng US ang Batanes kung saan ipinapakat ang dumaraming misayl nito na nakatutok sa China. Araw-araw rin ang paglalabas-masok ng mga higanteng barkong pandigma ng US sa iba't ibang panig ng Pilipinas na umaakit ng paparaming barko ng China sa South China Sea at *exclusive economic zone* ng Pilipinas. Hinihila ng US sa Pilipinas ang mga armadong pwersa ng Japan, Australia, France at iba pang alyadong imperyalistang bansa.

Todo-todo ang pangangayupapa ng papet na rehimeng Marcos sa dikta ng US. Ipinagagamit nito sa US ang AFP para magsilbing alalay ng mga pwersang militar ng US. Buong-largang ginagamit ng US ang Pilipinas bilang *proxy* sa ginagawa nitong pang-uupat sa China. Nagpapagamit ang traydor na si Marcos sa US sa panggigiri at pagsabong sa China, sa halip na katawanin ang interes ng mga Pilipino na makabuo ng mapagkaibigan at mapayapang ugnayan sa kalapit-bansang China.

Dapat manguna ang NDF sa pagpapalakas ng pagtutol ng sambayanan sa dayuhang pandaram-

bong at paghahari sa ekonomya. Dapat magsilbing malakas na boses ito ng pagtutol sa paggamit ng gubyernong Trump sa banta ng mga taripa laban sa mga produktong inaangkat mula sa Pilipinas, para lalong buksan ang bansa sa pagtatambak dito ng mga sobrang kalakal ng US.

Dapat malakas na batikusin ng NDF ang rehimeng Marcos sa mga neoliberal na patakarang pang-ekonomya na nagbibigay sa mga dayuhang malalaking kapitalista at kasosyo nitong malalaking negosyo ng higit na kapangyarihang mangamkam ng lupa, huthutin ang likas na yaman ng bansa, wasakin ang kapaligiran at ilubog ang bansa sa utang. Dapat nitong singilin ang imperyalismong US at neokolonyal na estado sa pagpapanatiling atrasado ng ekonomya at lokal na produksyon, at pagpapahirap sa masa ng sambayanan.

Walang-puknat ngayon ang saywar at pangkulturang kontrol ng imperyalismong US para sa manipulasyon sa isip at kamalayan ng sambayanang Pilipino. Gamit ang midya at *social media*, pinalalabas nilang sila'y "kaibigan, katuwang at alyado" ng sambayanang Pilipino, at pinagtatakpan ang walang-habas na pagyurak sa kasarinlan ng bansa. Kasabwat ang rehimeng Marcos, ginagatungan ng US ang Sinophobia o sentimyentong anti-China, at inuulit-ulit ang pagturing sa bansa bilang "kalaban" o "banta."

Lahat ito'y bahagi ng tumitinding pandaigdigang sigalot bunga ng paghahabol ng imperyalismong US na baguhin ang kaayusan ng mundo, upang muling iluklok ang sarili bilang solong *superpower*. Mabilis na umiinit ang sigalot na ito sa gitna ng nagpapatuloy na krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Ginagamit ng US ang lakas-militar nito sa paghahangad na mapasakanya ang malalawak na pamilihan at mga pinagkukunan ng mahahalagang mineral, at pigilin ang patuloy na paglago at paglawak ng kapangyarihan ng karibal nitong China. Sa paghahabol ng US, lumalaki ang banta ng digmaan sa iba't ibang panig ng mundo.

Kailangang kailangan ngayong palakasin ang NDF at ang patriyotikong prente ng sambayanang Pilipino para palaganapin ang paninindigan para sa pambansang kalayaan: kalayaan mula sa dayuhang panghihimasok militar, kalayaang pang-ekonomya, sa pulitika, at sa kultura. Dapat itakwil at labanan ang neokolonyal na estado ng mga naghaharing uri na ginagamit sa pagsupil sa makabayang hangarin ng taumbayan.

Dapat palakasin ang NDF sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga alyadong organisasyon nitong nagkakaisa at nagtutulungan para sa pagsusulong ng digmang bayan. Kailangang palakasin ang kilusang propaganda upang pukawin at pagalabin ang diwang patriyotiko ng mga manggagawa at magsasaka, kabataang estudyante, masang maralita, kababaihan, guro at kawani, at iba pang demokratikong sektor.

Dapat pahigpitin at palawakin pa ng NDF at ng pambansa-demokratikong kilusan ang abot nito sa mga akademiko, taong-simbahan, mga abugado at propesyunal, maliliit na negosyante, at lahat ng sektor na dapat bigkisin sa ilalim ng bandera ng kalayaan. Dapat ding palakasin ang ugnayan sa mga upisyal at tauhan ng reaksyunaryong militar at pulis na may sentimyentong patriyotiko, at hikayatin silang tumindig laban sa traydor na rehimeng Marcos na ipinagagamit ang AFP at PNP sa imperyalismong US sa pang-uupat sa China, at sa panunupil sa sambayanang Pilipinong nakikibaka para sa kalayaan.

Dapat palawakin ng NDF ang ugnayan nito sa lahat ng kilusan at organisasyon sa buong mundo na tutol sa imperyalistang gera. Dapat itong tumulong sa pagbubuo ng matibay na gulugod ng malawak na kilusang anti-imperyalista at samantalahin ang lahat ng kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalista para sa kapakinabangan ng malawak na masa ng mamamayan.

Ang pinakamalaking tungkulin ngayon ng NDF ay ang gawin ang lahat para sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan, laluna ang pagpapalakas ng BHB at pagpapanibagong sigla ng armadong pakikibaka't rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan. Ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino ang pangunahin at pinaka-epektibong anyo ng paglaban para sagkaan ang imperyalistang gera na inuupat ng US, at para kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 8 | Abril 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Palakasin at palawakin ang NDF, makibaka laban sa imperyalismong US 1
Balikatan 2025 3
Panganib at perwisyo 4
Protektor ng proyektong mapangwasak, binigwasan 4
Bagong bidyo-serye at album, inilabas 4
Mga protesta 5
Mga rebolusyonaryong martir, dinakila 5
Isang pamilya, mga magsasaka, dinakip 5
Ang pangil ng *assumption of jurisdiction* 6
Sa madaling salita 7
Pagkalubog sa utang ng kababaihang magsasaka 8
Mga taripa ni Trump 9
Maruming gera sa India 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Balikatan 2025: Panibagong pagpapatindi ng interbensyong militar ng US

Sa Araw ng Kagitingan noong Abril 9, nagprotesta malapit sa embahada ng US sa Maynila ang mga grupong pambansa-demokratiko. Ginunita nila ang paglaban ng sambayanang Pilipino sa dayuhang interbensyong militar at pagtatanggol sa tunay na kalayaan ng Pilipinas. Kinundena nila ang mapang-upat na *war games* ng US, permanenteng pagbabase ng tropa nito sa Pilipinas at umiigting na panghihimasok at pakikialam nito sa bansa.



Sa kasalukuyan, naglipana ang mga tropang Amerikano sa iba't ibang bahagi ng bansa para sa sunud-sunod ng *war games* na umiinog sa taunang Balikatan. Kabilang dito ang Combined Joint Logistics Over-the-Shore (Aurora), Command-and-Control Exercise (Quezon City), Multilateral Maritime Exercise (South China Sea), Salaknib (Nueva Ecija), Cope Thunder (Pampanga) at Marex (Cotabato City). Dagdag sa mga ito ang mga pakitang-taong operasyong sibil-militar, tulad ng mga serbisyong dental ng US Navy, sa mga sibilyang komunidad sa Palawan at Mindanao.

Tampok sa Balikatan ngayong taon ang paggamit ng mga NMESIS (Navy Marine Expeditionary Ship Interdiction System) na ipinasok sa bansa noong Abril 17, kasabay ang mga katuwang nitong *unmanned surface vehicles*. Inilipad ang unang bats ng mga NMESIS sa mga isla ng Batanes kung saan ilalagak ang mga ito sa itatayong Fires Expeditionary Advanced Base o EAB. Magsisilbi itong *outpost* ng mga espesyal na pwersa ng US para kontrolin ang Bashi Channel, ang makitid na lagusan ng dagat sa pagitan ng Pilipinas at Taiwan. Una nang ipinwesto ng US dito ang Typhon Missile System na ipinasok sa bansa noong Balikatan 2024.

May awtoridad ang mga pwersang Amerikano sa EAB na "mamutok" sa "kaaway na mga barko" kahit nakapaloob sila sa teritoryo ng Pilipinas. Itinatransporma nito ang mga isla ng Batanes bilang *firing line* ng US Navy. Sa ganito, direkta nitong inilalagay ang mamamayan ng Batanes, at ng buong hilagang-silangang Luzon, sa unang linya ng pag-atake sakaling sumiklab ang armadong sigalot sa pagitan ng US at China, laluna sa Taiwan.

Pormal ding sisimulan sa Balikatan 2025 ang operasyon ng Littoral Rotational Force-Luzon, isang yunit ng US Marines na pamalagiang didikit sa mga baybay ng Luzon. Dito rin unang direktang lalahok ang mga pwersa ng Japan sa *war games*, matapos ang ilang taong pagiging obserber nito.

Itinuturing ng China ang mga maniobrang ito bilang pagpapatindi o "escalation" ng mga tensyon sa pagitan nito at ng US. Binalaan nito ang rehimeng Marcos na huwag magpagamit sa US bilang "proxy deterrence," laluna sa Bashi Channel.

Batay sa mga pampublikong rekord, madalas ang paggamit ng mga *aircraft carrier* ng US sa teritoryong dagat ng Pilipinas. Liban sa Bashi Channel at Sulu Sea, tinatawid ng mga barkong pandigma ng US ang mga karagatan sa pagitan ng mga isla (sa San Bernadino Strait sa Samar, Leyte Gulf, Balabac Strait sa Palawan at Surigao Strait). Isa sa mga barkong ito, ang *aircraft carrier* na USS Theodore Roosevelt. Dumikit ito sa mga pinag-aawayang teritoryo, tulad ng Paracel Islands at Scarborough Shoal, at umakit ng dagdag na presensya ng mga barko at eroplanong Chinese.

Hindi bababa sa apat na barkong pang-sarbey sa tereyn sa ilalim ng dagat na pinatatakbo ng US Navy ang halos walang patid na namalagi sa South China Sea noong 2024. Saklaw ng sinasarbey ng mga ito ang Bashi Channel, Balabac Strait at Verde Island Passage sa pagitan ng Mindoro at Batangas.

Daanan din ang Pilipinas ng mga eroplanong pambomba na pinalilipad ng US Air Force mula sa base militar nito sa Guam para magpatrulya sa South China Sea. Noong 2024, namonitor ng China ang pagpapadala ng US ng mga eroplanong pambomba nang 32 beses para magsagawa ng 56 *sortie*/misyon, dalawang ulit na mas madalas kumpara sa isinagawa nito noong 2023. Komun na ruta ng mga eroplanong ito ang Bashi Channel sa hilaga at Sulu Sea sa timog ng bansa.

Lunsaran rin ang bansa ng mga *unmanned aerial vehicle* tulad ng MQ-9 Reaper UAV na nakabase sa Clark Airbase at sa Palawan sa ilalim ng Task Force-Ayungin ng US. Sa nakaraang Balikatan, nagpalipad ang US ng mga eroplanong paniktik laban sa China mula sa mga base nito sa Clark Airbase sa Pampanga; Fort Magsaysay sa Nueva Ecija, Lallo Airport at Camilo Osias Naval Base sa Cagayan; Benito Ebuen Air Base sa Cebu at maging sa Ninoy Aquino International Airport. AB

Panganib at perwisyo

BAGO PA MAGBUKAS ang Balikatan sa katapusan ng Abril, nagsagawa na ang Armed Forces of the Philippines (AFP) ng mga "clearing operation" sa mga sibilyang komunidad bilang paghahanda sa pagdating ng mga tropang Amerikano. Sa Central Luzon, sinaklaw nito ang mga komunidad ng magsasaka sa sa Aurora, Bulacan at Nueva Ecija para bigyan-daan ang Combined Joint Logistics Over-the-Shore (CJSLOTS) ng US na ginanap noong Abril 9.

Ayon sa ulat ng mga residente sa Aurora, nakadaong mula pa noong Abril 16 ang dalawang barkong ginamit sa CJSLOTS sa Barangay Paltik, Dingalan. Patuloy rin ang *clearing operations* ng AFP, kasama ang mga sundalong Amerikano, mula Barangay Umiray, Dingalan hanggang sa General Tiño sa Nueva Ecija at Bulacan. Anila, lampas isang buwan nang hindi sila makapaghanapbuhay dahil pinagbabawalan silang pumunta sa kanilang mga kaingin at lugar pangalapan ng pagkain. Nagdulot naman ng pangamba ang mga sundalong Amerikano nang bigla silang pumasok sa Sityo Singawan sa Barangay Umiray. Sa Bulacan, napansin ng mga residente na may mga Amerikano sa Camp Tecson sa bayan ng San Miguel.

Perwisyo at ligalig din ang dala sa mga residente ng Casambalangan, Sta. Ana sa Cagayan ng sunud-sunod na ang pagdating ng mga Amerikanong sasakyan at gamit pandigma. Nagambala ang kanilang komunidad, laluna sa paglipad ng mga pang-atakeng helikopter. Ginamit ng mga tropang Amerikano ang Port Irene sa naturang bayan para ibaba ang mga sasakyang gagamitin sa *amphibious exercises* nito sa Mayo.

Nanganganib na mawalan ng kabuhayan ang mga mangingisda dulot ng pagdedeklara ng "no sail zone" sa mga bayan malapit sa baybay, tulad ng ginawa noong Balikatan 2024. Gayundin, mabubulabog ang kabuhayan ng mga magsasaka sa mga bundok at gubat sa *aerial exercises*. Dagdag ang mga ito sa walang puknat na panghalihaw ng mga pwersa ng 5th ID sa mabubundok na parte ng prubinsya. Maliban sa abala at pagkasira ng kabuhayan, matindi ang idudulot na takot at troma ng mga sundalo, laluna sa mga kababaihan, bata at matatanda. Sa paghahatid pa lamang ng mga kagamitan at pwersa sa himpapawid ay binabalot na ng pangamba at kaba ang mamamayang Cagayanon, laluna pa ang binabalak na isagawang *live fire exercises* sa rehiyon.

Protektor ng mapangwasak ng proyekto, nabigwasan ng BHB-Quezon

NABIGWASAN NG Bagong Hukbong Bayan (BHB)-North Quezon sa isang engkwentro ang nag-ooperasyong tropa ng 80th IB noong Abril 16 sa Barangay Tanauan, Real, Quezon. Ang yunit ng 80th IB na naka-engkwentro ng hukbong bayan ay nagsisilbing protektor ng mapangwasak na dambuhalang proyektong Real Wind Energy Project (RWEP) ng ACEN Corporation ng Ayala Corporation.

Tatlo naman ang naging kaswalti ng AFP sa isang engkwentro ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command) laban sa nag-ooperasyong tropa ng Philippine Army sa Barangay Mabini, Lopez noong Abril 6, alas-10 ng umaga.

Samantala, isa ang napatay at apat ang nasugatang sundalo ng AFP sa magiting na depensa ng isang yunit ng BHB-Batangas (Eduardo Dagli Command) laban sa ambus ng 59th IB noong Abril 2 sa Barangay San Isidro, Rosario, Batangas.

Sine Proletaryo at Armas-ST, naglabas ng bagong bidyo-serye at album

MAGKASUNOD NA INILABAS ng Sine Proletaryo at Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas)-Southern Tagalog ang isang bagong serye at album nitong Abril. Tinalakay sa mga ito ang buhay ng mga rebolusyonaryo at kanilang puspusang pagsisikap para itaguyod ang kilusang pagwawasto.

Noong Abril 8, inilunsad ng Sine Proletaryo ang pinakabagong bidyo serye nito na "Buhay Gerilya" kung saan ipinasisilip ang buhay at pakikibaka ng mga rebolusyonaryong mandirigma at kumander ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga myembro ng rebolusyonaryong organisasyon. Layunin ng serye na ipakita ang pagtalima sa rebolusyonaryong mga prinsipyo, mga pagsubok sa rebolusyon, at araw-araw na karanasan sa pagpapanday ng isang bagong lipunan.

Unang kinapanayam ng Sine Proletaryo, sa pakikipagtulungan sa Upisina ng Tagapagsalita ng Melito Glor Command, si Comrade Kathryn, upisyal sa pulitika ng BHB-Southern Tagalog. Hinikayat ng Sine Proletaryo ang iba pang mga yunit ng BHB at mga organisasyong masa na magpadala ng kanilang mga bidyo at panayam na itatampok sa serye.

Noong Abril 11, inilabas ng Armas-ST ang album na Ampatin (2025) na nagtampok sa walong awit, isang *instrumental* at isang *minus* 1. Ang mga pyesa rito ay sumasalamin sa inspirasyong hatid ng kasalukuyang kilusang pagwawasto na inilulunsad ng Partido.

Sa kabila ng matinding atake ng estado, nailabas ang album sa pagtutulungan ng gerilyang produksyon sa sonang gerilya at lungsod. Hinikayat ng grupo ang lahat na ipalaganap ang mga awitin sa album. "Aralin, itanghal, patugtugin sa mga pagtitipon at iba pang katulad na aktibidad. Ipalaganap din ang kopyang *digital* sa lahat ng posibleng daluyan," anito.

Mada-download ang bidyo at album sa *website* ng PRWC (*www.philippinerevolution.nu*).



Paninindigan laban sa pagmimina. Sa isang porum sa Tabuk City, Kalinga noong Abril 12, nagpahayag ng pagtutol ang mahigit 100 mamamayan laban sa napipintong pagmimina ng Makilala Mining Company Incorporated (MMCI) sa kanilang bayan. Sasaklawin ng MMCI ang tatlong lugar sa Pasil, Kalinga—ang Maalinao, Caigutan at Biyog—na saklaw ng lupang ninuno ng Tribu Balatoc at mga bahagi ng Guinaang. Kamakailan, ang MMCI ay binigyan ng rehimeng Marcos ng pondo mula sa Maharlika Fund para ituloy ang mapaminsalang mga proyekto nito.

Kalbaryo ng mamamayan ang rehimeng Marcos. Naglunsad ng pagkilos malapit sa Mendiola ang mga maralitang-lunsod sa pangunguna ng Kadamay na tinawag nitong "Kalbaryo ng Mamamayan" noong Abril 16. Kasama ng grupo ang mga pamilya ng mga biktima ng ekstra-hudisyal na pagpaslang sa ilalim ng nakaraang administrasyong Duterte at mga maralitang nakaranas ng demolisyon ng kanilang mga tirahan, mga kabataan at manggagawa. Naglunsad ng katulad na pagkilos sa parehong araw ang Kadamay-Negros, mga grupo ng maralita, mangingisda at magsasaka sa Bacolod City.

Takbo laban sa pang-aabuso. Naglunsad ng “Takbo Babae 2025" o ang pagtakbo laban sa abuso ang Gabriela Women's Party sa loob ng kampus ng University of the Philippines-Diliman noong Abril 13. Ayon sa GWP, ang kanilang pagkilos ay pagpapakita ng paninindigan "laban sa karahasang nakabatay sa kasarian." Daan-daan ang lumahok kabilang ang mga kilalang personalidad tulad ng mga artistang sina Barbie Forteza at Ryza Cenon, at Miss Globe *runner-up* na si Rowee Lucero.

Itim laban sa taas-singil sa matrikula. Naglunsad ng kilos protesta ang mga estudyante at myembro ng Anakbayan-Adamson University noong Abril 11. Nagsuot sila ng mga damit na itim para bigyang diin ang kanilang pagtutol sa planong 5% taas-matrikula sa unibersidad para sa akademikong taong 2025-2026. Katumbas nito ang karagdagang ₱2,500 sa matrikula. Noong 2022 huling nagpataw ng taas-matrikula ang unibersidad na umabot sa 5.8%.

Mga rebolusyonaryong martir, dinakila

NAGSAMA-SAMA ANG MGA grupo sa karapatang-tao at kaanak ng mga rebolusyonaryong martir noong Abril 12 sa Bantayog ng mga Bayani sa Quezon City para parangalan ang kabayanihan at pagbubuwis ng buhay ng mga rebolusyonaryo para sa pambansa-demokratikong adhikain ng sambayanan. Pinangunahan ng Hustisya! (Pagkakaisa ng mga Biktima para sa Hustisya) ang aktibidad na may temang "Kagitingan at Paglaban: Parangal para sa mga Pinatay na Hors de Combat at Rebolusyonaryong Martir."

Pinarangalan sa pagtitipon ang mga nabuwal na lider ng Partido Komunista ng Pilipinas, mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), mga upisyal ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), at nanawagan ng hustisya para sa mga *hors de combat* na mandirigma ng BHB na pinaslang ng Armed Forces of the Philippines.

Ayon sa Hustisya, naging okasyon din ito para muling pagtibayin ang pagtataguyod sa karapatan ng mamamayan sa sariling pagpapasya at pagdidiin na ang paghihimagsik ng mamamayan ay isang makatarungang adhikain.

Isang pamilya, mga magsasaka at kabataan, dinakip ng pulis at militar

DINAKIP NG MGA pwersa ng estado ang isang pamilya sa Sorsogon, dalawang magsasaka sa Quezon at Masbate, at mga kabataan sa Isabela sa nagdaang mga linggo. Pinararatangan sila ng iba't ibang kasong kriminal at pagkakasangkot sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Noong Abril 17, dinakip ng mga pulis at ng 31st IB si Gilberto Tolentino, 50 taong gulang na magsasaka, ang kanyang asawa na si Amelia, 47, anak na si Regine, 21, at kanilang 2-taong gulang na apo noong Abril 17. Kinuha sila ng mga pwersa ng estado sa Barangay San Vicente, Donsol, Sorsogon at kasalukuyang hindi matunton ng mga kaanak.

Ayon sa ulat, tanging si Gilberto ang nais kunin ng mga pwersa ng estado ngunit tumanggi ang kanyang asawa at mga kaanak kung kaya’t sumama silang lahat. Noong Abril 18, kaagad na pumunta ang kaanak ng mga Tolentino at upisyal ng barangay sa istasyon ng pulis sa Donsol at sa kampo ng militar sa Barangay San Jose para tuntunin ang mga biktima. Itinanggi ng mga pulis at militar na nasa kustodiya nila ang pamilya.

Sa Masbate, dinakip ng 2nd IB si Isabel delos Reyes, 56, sibilyang magsasaka mula sa Barangay Libertad, Cawayan noong Abril 17. Kasunod ito ng engkwentrong naganap sa pagitan ng 2nd IB at BHB-Masbate (Jose Rapsing Command) sa araw na iyon sa hangganan ng Barangay Miabas, Palanas at Barangay Libertad, Cawayan. Kinunan siya ng litrato na may hawak na baril at pinilit na gumawa ng kwento na “nangingikil” ang yunit ng BHB sa mga lokal na kandidato sa eleksyong 2025.

Sa Quezon, dinakip ng militar si Rico Endrinal, magsasakang residente ng Barangay Sugod, Lopez noong Abril 6. Inilipat-lipat siya ng kulungan at pinahirapan ang pamilya na makausap siya. Matapos ang insidente, nagkampo sa kanilang komunidad ang mga sundalo at walang tigil ang panggigipit sa kanyang pamilya.

Sa Isabela, dinakip ng 5th ID si Andy Magno ng Kabataan Party-list at kasama niyang Agta habang nangangampanya sa Barangay Dicamay Dos, Jones noong Abril 20. Si Magno ay gradweyt ng University of the Philippines-Manila.

Ang pangil ng *assumption of jurisdiction* laban sa manggagawang Pilipino

Muling tumampok ang paggamit ng *assumption of jurisdiction* o AJ ng Department of Labor and Employment (DOLE) laban sa pakikibaka ng mga manggagawa nang ginamit ito para pigilan ang napipintong welga sa Nexperia Philippines noong Pebrero. Isa ito sa tatlong AJ na inilabas ng kalihim ng DOLE sa unang kwarto ng 2025.

Sa bisa ng AJ, inilabas ng DOLE ang "return to work order" (RTWO) para pwersahin ang mga manggagawa na bumalik sa trabaho, at kung hindi ay maari silang tanggalin. Sa harap nito, matapang na sinuway ng unyon ng mga manggagawa sa Nexperia ang kautusan at ipinutok ang welga na nagtagal ng tatlong araw (Marso 5–8). Nagkamit ng mga tagumpay ang unyon sa welgang nagdulot ng pagkalugi sa tinatayang ₱1.26 bilyon ng kumpanya.

Ang AJ ay isang kontra-manggagawang patakaran para ipagkait sa kanila ang kakayahan nilang gamitin ang welga bilang sandata sa pagtatanggol ng kanilang mga karapatan. Inilalabas ito ng kalihim ng DOLE para ipagbawal ang welga sa tabing ng katwirang "mahalaga sa pambansang interes" ang isang industriya. Nakasaad sa Artikulo 263 ng Herrera Law (Labor Code) na may kapangyarihan ang DOLE na gamitin ang mga pulis at sundalo para supilin ang mga manggagawang susuway sa kautusan.

Kabilang ang AJ sa samutsaring mga probisyon ng Herrera Law na sumasagka sa karapatan sa pagwewelga. Sa nagdaang 12 taon (2013-2024), ginamit ito ng DOLE ng 38 beses. Mayorya nito o 36 ay inilabas matapos pa lamang maghain ng *notice of strike* ang mga manggagawa, habang dalawa ay inilabas sa panahon ng aktwal na welga. Sa panahon ding ito, may kabuuang bilang ng 2,241 *notice of strike* ang isinampa, subalit 103 o 4.59% lamang ang bilang ng aktwal na pagkakataong nagwelga ang mga manggagawa. Bunga ito ng patung-patong na burukrasya, ligalidad, at tahasang panunupil na kinahaharap ng mga unyon at manggagawa bago makapaglunsad ng welga at ipaglaban ang kanilang kagalingan.

Tampok na mga kaso ng AJ

Sa ilalim ng rehimeng Estrada, naglabas ng AJ ang DOLE noong Disyembre 23, 1997 laban sa magwewelgang mga piloto ng Airline Pilots Association of the Philippines (ALPAP) ng Philippine Airlines dahil sa *unfair labor practices*. Sa kabila nito, ikinasa ng ALPAP ang welga noong Hunyo 5, 1998 at naglabas ng atas ang DOLE dalawang araw makalipas na bumalik sa trabaho ang mga piloto. Dahil sa pagsuway at "iligal na welga," tinanggal sa trabaho ang higit 600 piloto. Pinaburan ng DOLE ang PAL na pag-aari ni Lucio Tan. Kasabay din ito ng maramihang tanggalan sa ibang manggagawa sa PAL.

Panahon ng rehimeng Arroyo nang brutal at madugong ipinatupad ang dalawang AJ na inilabas ng DOLE laban sa welga ng United Luisita Workers' Union at Central Azucarera de Tarlac Labor Union sa Hacienda Luisita sa Tarlac noong 2004. Lumundo ang karahasan ng estado laban sa welga nang pagbabarilin ng mga pulis at sundalo ang mga manggagawang bukid at kanilang tagasuporta habang nagsasagawa ng programa sa Hacienda Luisita noong Nobyembre 16, 2004. Pitong welgista at tagasuporta ang napaslang habang marami ang nasugatan.

Panahon naman ng rehimen ni Benigno Aquino nang ipinailalim sa AJ noong Agosto 2010 ang planong welga ng mga manggagawa ng Filipinas Palm Oil Industries, Inc (FPII) dahil sa pagkaantala ng kanilang *collective bargaining agreement* (CBA). Ang FPII, dating NDC-Guthrie, ay sosyohan ng kumpanyang Malaysian at ng bilyonaryong Pilipino na si Dennis Villareal. Ang naturang kumpanya noon ang may pinakamalaking plantasyon at kakayahang magprodyus ng *palm oil*. Saklaw nito ang 8,000 ektaryang plantasyon sa Agusan del Sur.

Panahon naman ng rehimeng Duterte nang sinupil gamit ang AJ ang welga ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farms sa Davao de Oro noong Oktubre 2018. Nagdeklara ng welga ang 900 manggagawa ng Sumifru sa usapin ng regularisasyon, mababahang sahod, kontraktwalisasyon at pagtangging makipagnegosasyon para sa CBA. Ilang araw matapos iputok ang welga, naglabas ng AJ ang DOLE, dahil sa tinatayang ₱38 milyong pagkalugi ng kumpanya.

Sa harap ng lansakang makakapitalistang mga batas, isang malaking hamon sa mga manggagawa na ipagtanggol ang kanilang karapatang magwelga, kabilang ang paggamit ng patakarang AJ. Ang paglaban dito ay makapagpapalakas sa buong kilusang manggagawa.

Kasabay ng atake ng AJ, malaki rin ang pinsalang idinudulot ng papaliit na bilang ng mga manggagawang unyonisado sa bansa. Sa inilabas na Integrated Survey on Labor and Employment 2021-2022 ng Philippine Statistics Authority, 4.5% o 1,626 lamang sa kabuuang 36,342 empresang may 20 o higit na manggagawa noong Agosto 2022 ang mayroong unyon. Sa mga ito, 6.5% o humigit kumulang 350,000 sa kabuuang 5.35 milyong manggagawa lamang ang kabilang sa unyon. Sa mga empresang may unyon, 1,444 o 4% lamang ang mayroong CBA na sumasaklaw lamang sa 8.4% ng mga manggagawa. AB

Nora Aunor, Superstar

batikang aktres na kilala sa pagiging aktibista at pagganap ng ordinaryong tao sa mga pelikulang may temang patriyotiko at sosyo-pulitikal tulad ng Andrea, Himala, Tatlong Taong Walang Diyos, Minsa'y Isang Gamu-gamo, The Flor Contemplacion Story, Thy Womb at marami pang iba. **Pumanaw siya sa edad na 71 noong Abril 16.**



30%

ng mga maka-Duterte na akawnt sa X (dating Twitter) na nagtatalakay ng mga usapin tungkol sa ICC at nagpapalaganap ng maling impormasyon ay peke. Peke rin ang 37% ng mga *profile* na nagtatalakay at nang-iimpluwensya tungkol sa eleksyon.

21 EKTARYANG BAKAWAN

sa kahabaan ng baybayin ng Palawig hanggang Santa Cruz sa Santa Ana, Cagayan ang sisirain ng **Alpha-Palawig Mixed-Use Development Project** na tinututulan ng mga residente ng lugar.

Pinagkunan: Conference of Major Superiors of the Philippines



3 SA BAWAT 5

aktibistang kabataan ang nag-ulat na nakaranas ng *online* na harasment dahil sa pag-*post* nila ng mga paglabag sa karapatang-tao noong 2024.

Pinagkunan: Amnesty International

8,565 PAHINA

ng nakasulat na ebidensya ang inisyal na isinumite ng taga-usig sa kaso ni Duterte sa ICC nitong Abril. Dagdag dito ang 9 na larawan at halos 16 na oras ng mga *audio* at *video recording*.

Pinagkunan: International Criminal Court

600–700/araw

ang dineport ni Trump na "iligal" na migrante mula sa US sa unang 3 tatlong buwan ng kanyang panunungkulan, kabilang ang ilang aktibistang maka-Palestine.

Memo Order 36

inilabas noong Abril 11 ng rehimeng Marcos para linlangin ang mga rebolusyonaryong pwersa na pumaloob sa *amnesty program* nito at tumanggap ng "safe conduct pass." **Itinakwil at binatikos ito ng mga yunit ng BHB.**



Koresponsal

Pagkalubog sa utang ng kababaihang magsasaka sa Cagayan Valley

Tinaguriang *corn capital* ang Cagayan Valley, partikular ang lalawigan ng Isabela, dahil sa laki ng ambag nito sa produksyon ng mais sa buong bansa. Pumapangalawa din ito sa produksyon ng palay. Sa kabila ng kasaganahang ito, sadlak sa kahirapan ang malawak na masa ng magsasaka sa rehiyon. Maliban sa pangunahing problema na kawalan at kakulangan ng lupang sinasaka, napakamahal na *farm input*, kawalan ng subsidyo at pambabarat sa kanilang mga produkto, lubog at hindi sila makahulagpos sa dambuhalang utang.

Isa dito ang magsasakang si Jinky, taga-Isabela, na may utang na ₱55,000 sa tatlong institusyong *microlending*. Nagbabayad siya ng ₱3,300 kada linggo.

"Hanggat may pinapaaral, kailangan mangutang. Hindi sapat ang araw-araw na kita upang tugunan ang mga batayang pangangailangan ng pamilya," kwento niya. Umaabot ng ₱25,000 ang buwanang gastos ng kanyang pamilya. Saklaw dito ang gastos sa edukasyon, kuryente, pagkain, pangkalusugan at kalinisan. Malayong-malayo ito sa ₱8,000 buwanang kita ng kanyang pamilya. Para makaagapay, una siyang nangutang sa bangko para ipampuhunan sa isang sari-sari *store*. Ngunit nalugi ito sa pananalanta ng El Niño dahil wala ring kakayahang bumili at magbayad ang mga magsasaka sa kanyang munting tindahan.

"Dahil sa kakulangan ng badyet para sa mga pangangailangan, hindi pa kasama ang pambayad sa utang, kinakailangang mangutang ulit para may ipambayad sa naunang utang at panggastos sa araw-araw," dagdag niya.

Ganito rin ang karanasan ng magsasaka sa mais na si Alice na taga-Alcala sa Cagayan. Wala pang isang ektarya ang sinasaka ng kanyang pamilya kaya kulang na kulang ang kanilang kinikita. May kabuuang ₱80,800 siyang utang sa *trader*, *educational assistance* ng nag-aaral na anak, at sa dalawang *microlending*. Umaabot sa ₱23,000 buwang gastusin ng pamilya. Pabigat sa isip ni Alice kung papaano niya ito mababayaran sa kakarampot na ₱6,000 kita kada buwan.

Si Niña naman na taga-Amulung ay baon rin sa utang kahit sa isang pautangan lamang siya may utang. Nasa ₱6,800 lamang ang utang niya pero hindi niya kayang banatin ang ₱11,000 buwanan niyang kita para mabayaran ito. Kulang na kulang ito sa buwanang gastusin ng kanyang pamilya na umaabot ng ₱25,000.

Daan-daang mga magsasaka ang umuutang upang tustusan ang araw-araw nilang pangangailangan. Maaaring umabot sa apat na institusyon ang sabay-sabay nilang inuutangan para makabayad sa nauna nilang mga utang. Sa Cagayan Valley, anim ang malalaking institusyong *micro-finance* at *lending*: ang ASA Foundation, Center for Agriculture and Rural Development (CARD) Inc., KMBI-KASAPI Micro-finance, Kaagapay, Life Bank Micro-finance at ASKI. Dagdag sa mga ito ang maraming maliliit na pautangan na naglipana sa mga prubinsya. Halimbawa sa Isabela na mayroong 32 institusyong *microlending*. Nasa 15%-22% ang karaniwang interes na ipinapataw ng mga ito, na binababayaran sa loob ng 20-23 linggo.

Bahagi ang mga institusyong *microlending* sa imprastruktura ng usura sa kanayunan. Umiiral ang mga ito kasabay ng tradisyunal na usura na pinatatakbo ng mga panginoong maylupa at komersyante. Pinagsasamantalahan ng mga ito ang mga magsasaka sa anyo ng matataas na interes at mapanlinlang na mga kundisyon sa pautang. Madalas humahantong sa pagkaremata ng kanilang mga lupa o ari-arian, oras na nagmintis sila sa bayad.

Sa datos ng estado noong 2022, nag-oopereyt ang mga institusyong *microlending* sa 4,265 barangay sa buong bansa. Bagamat relatibong mas makitid ang saklaw, malawak pa rin ang naidudulot nitong pagkalugi at pinsala. Nananatiling mga tradisyunal na usurero ang inuutangan sa kanayunan. May mga pautang ang mga ito sa 47.6% o 20,020 sa 42,020 barangay sa buong bansa.

Nakapaloob ang *microlending* sa mas masaklaw na programang *microfinance* na idinekaralang "mayor na programa para labanan ang kahirapan" noong 2000. Itinulak ito pangunahin ng mga imperyalistang insitusyon tulad ng World Bank at Asian Development Bank na nagbuhos ng milyun-milyong dolyar na ipinauutang sa pamamagitan ng mga "development partner" nito. Ang CARD Inc, halimbawa, ay tumanggap ng ₱4 bilyong pondo mula sa ADB noong 2022 para higit pang "palawakin" ang programa sa pautang sa mahihirap na magsasaka.

Noong 2018, mahigit $3.5 bilyon ang ipinautang sa *microlending* ng mga bangko, kooperatiba, at institusyon para sa 5.7 milyong mga nangungutang. Siyamnapung porsyento ng mga mangungutang ay kababaihan, kung saan dalawang-katlo sa kanila ay nasa kanayunan. Pagsapit ng 2022, nagkakahalaga na ng $7.3 bilyon ang industriya na ito ng usura. Tinatayang lalo pang lalaganap ang *microlending* sa paglaganap ng mga *digital* (o sa pamamagitan ng internet) na pamamaraan ng pagpapautang.

Sa kadulu-duluhan, nagsisilbing dagdag na pahirap ang *microlending* na nagpapako sa mayorya ng magsasaka sa pamalagiang siklo ng pagkalugi at kahirapan. Lumalaganap ito dulot ng sa kawalan ng subsidyo at serbisyo ng reaksyunaryong gubyerno sa agrikultura at sadyang pagpapakain ng mga magsasaka sa mga ganid na usurero at imperyalistang institusyon. AB

Mga taripa ni Trump, sandatang pang-ekonomya katambal ng gera para sa dominasyon ng US

Noong Abril 2, inihayag ni Donald Trump, presidente ng US, ang 10% na taripa sa lahat ng mga import ng US, na magiging epektibo noong Abril 5. Kasama dito ang mas mataas na "tumbasang mga taripa" mula 11% hanggang 50% sa mga import mula sa 57 bansa. Kabilang dito ang 17% na "diniskwento" na pagtaas sa taripa sa kalakal na mula sa Pilipinas (halos kalahati ay inasembol na kagamitang elektroniko at semikonduktor).

Nagdulot ng matinding ligalig sa mundo ang dagdag-taripa ni Trump. Inaasahan itong gagambala sa pandaigdigan produksyon at magtataas sa gastos sa produksyon. Sa unang araw pa lamang ng pagpapatupad nito, bumulusok ang pamilihan ng sapi sa US. Sinundan naman ito ng pagsirit, matapos sinuspinde ni Trump ang kautusang dagdag-taripa, liban sa mahigit 104% na ipinataw sa China.

Hindi tanda ng lakas kundi desperasyon ang ginagawang pambabraso ni Trump gamit ang pagpapataw ng matataas na taripa. Pinakahuling tangka ito ng imperyalistang bansa para ibangon mula sa matagal nang pagkalugmok ang pandaigdigang sistemang kapitalista, baligtarin ang estratehikong paghina ng sarili nitong ekonomya, at bawiin ang dating dominasyon sa industriya. Deklaradong layunin nitong protektahan ang ekonomya ng US, pawiin ang depisito sa kalakalan, at palakasin ang lokal na pagmamanupaktura. Ang ganitong proteksyunismo ay matagal nang patakaran ng US, mula sa "inshoring," "Made in America," at ang "CHIPS Act" ng mga naunang mga administrasyon nina Obama at Biden.

Ginagamit din ni Trump ang mga taripa bilang sandata sa digma sa ekonomya, na bahagi ng arsenal ng imperyalismong US para ibalik ang katayuan nito bilang nag-iisang pandaigdigang *superpower*. Iwinawasiwas nito ang laki ng ekonomyang Amerikano para pilitin ang China at iba pang imperyalista at kapitalistang bansa na yumuko sa kanyang hegemonya, at ang nakararaming mahihinang kapitalistang bansa at malakolonya na isuko ang yaman ng kanilang mga bansa sa kontrol at pagsasamantala ng imperyalismong US.

Sa gitna ng maigting na kapitalistang kumpetisyon, hindi lamang pagtataas ng taripa ang ginagawa ng imperyalismong US para ibalik ang dominasyon ng mga industriya nito. Ipinapako rin nito ang sahod ng mga manggagawang Amerikano at sinusupil ang kanilang mga karapatan sa paggawa. Nililigalig sila ng dagdag-taripa dahil mangangahulugan ito ng lalong pagsirit ng gastos sa kanilang pamumuhay.

Tahasang pinahihina ni Trump ang sistemang multilateral na dekadekada nang ipinataw ng imperyalismo sa mga malakolonya sa ngalan ng neoliberal na globalisasyon. Ibinubunyag nito ang neoliberal na alamat ng "malayang kalakalan" na ginamit para pwersahang buksan ang mga ekonomya sa pandarambong ng US at kaalyado nitong mga bansa.



Sa harap ng malinaw na layunin ni Trump, todo-todong pangangayupapa ang tugon ng papet na rehimeng Marcos sa dagdag-taripa na ipinataw ng US. Nagpasalamat pa ito sa US sa ipinataw nitong relatibong "mas mababang taripa" kaysa sa Vietnam at iba pang mga bansa, na tiningnan nito bilang "pagkakataon upang makaakit ng mga dayuhang pamumuhunan."

Sa kabila ng ipinakikitang antagonismo ng US sa ekonomya ng Pilipinas, nagkukumahog pa ngayon si Marcos at ang kanyang mga upisyal, na makipagkasundong tanggalin ang lahat ng taripa ng mga produktong Amerikano na pumapasok sa bansa kapalit ng pag-atras ng US sa mga taripa nito sa tinaguriang *zero-to-zero tariffs*. Ang ganitong "kasunduan sa malayang kalakalan" ay lalong magtatali sa Pilipinas sa ekonomya ng US, at magreresulta sa lalong pagtambak at pagbaha ng mga produkto mula sa US. Palalakasin nito ang pagsandig ng bansa sa mga imported na materyal, ng ekonomyang nakatali sa import at natuon sa eksport.

Sa paggigiit ni Trump sa hegemonya ng US, lalo niyang pinaiigting ang inter-imperyalistang mga kontradiksyon at inuudyok ang mga sigalot sa iba't ibang bahagi ng mundo. Hindi kaiba si Trump sa mga demagogo sa Europe sa mga dekada ng 1920 at 1930 na nagpaapoy ng ultranasyunalismo, bilang paghahanda nito sa gera.

Partikular sa Asia, patuloy na ginagamit ng US ang lakas-militar nito, direkta at sa pamamagitan ng *proxy*, para painitin ang tinagurian nitong teatrong digma sa Indo-Pacific laban sa China. AB

Maruming gera sa India:

15 buwang pananalasa ng Operation Kagaar

Walang-tigil ang pasistang paninibasib ng rehimeng Narendra Modi ng India laban sa mamamayang Adivasi, mga pwersang demokratiko, at rebolusyonaryong grupo sa ngalan ng Operation Kagaar. Nasa ika-15 buwan na ang brutal na operasyong kontra-insurhensya na kumitil sa buhay ng hindi bababa sa 400 sibilyan, karamihan mga Adivasi o katutubong mamamayan at mga rebolusyonaryo.

Sa mga ulat, 287 ang pinaslang noong 2024 at nasa 113 na ngayong 2025. Sangkatlo (1/3) sa mga biktima ay mga katutubong Adivasi habang 40% ay kababaihan. Marami sa mga kaso ng pagpaslang ay pinalalabas na mga "engkwentro" ng armadong pwersa ng reaksyunaryong estado ng India sa People's Liberation Guerilla Army (PLGA) ng Communist Party of India (Maoist).

Hindi ligtas ang mga sanggol at bata sa maruming gera ng rehimeng Modi. Noong 2024, 14 na mga batang edad 14-anyos pababa ang pinaslang, kabilang ang isang 6-buwang sanggol.


Sinimulan ang Operation Kagaar noong Enero 2024 sa Abujhmaad, isang mabundok at magubat na rehiyon sa timog ng estado ng Chhattisgarh na nasa sentral na India. Pinakamatindi ang operasyon sa pitong distrito ng Bastar. Tinarget nito ang mga Adivasi na lumalaban sa panghihimasok ng mga korporasyong multinasyunal sa lupang ninuno.

Sa 15 buwan, hindi bababa sa 13 malalaking operasyong militar ang isinagawa sa Bastar, gamit ang hindi bababa sa 1,000 pwersa sa kada operasyon. Daan-daang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang naitala sa panahong iyon. Dahil dito, binansagan ang lugar bilang "Bastar Killing Fields."

May 300 kampo militar sa Bastar kung saan tinatayang 50 ang itinayo sa panahon ng Operation Kagaar. Sa saklaw ng Abujhmaad, mayroong siyam na kampo militar. Sa dami ng mga ito, mayroong kampo sa kada 2-3 kilometro. Ang mga ito ang nagsisilbing sentro ng operasyong kontra-insurhensya sa mga liblib na lugar. Mayroong isang pwersa ng estado sa kada siyam na sibilyan sa Bastar.

Para tuligsain ang terorismo ng estado, nagtipon ang mga grupo sa Delhi sa pangunguna ng Forum Against Corporatization and Militarization (FACAM) noong Marso 26. Ayon kay Prof. Saroj Giri ng FACAM, sadyang tumitindi ang pasistang atake ng Brahmanical Hindutva pasistang rehimeng Modi sa Bastar dahil sa organisadong paglaban ng mga Adivasi at magsasaka. Sinasagkaan ng kanilang pakikibaka ang pandarambong ng malalaking korporasyon sa rehiyon.

Ang gera sa mga Adivasi at ang Operation Kagaar ay bahagi ng kabuuang pagpapatindi ng pasismo ng estado ng India sa ilalim ng Surajkund Scheme (2022). Pinapaypayan nito ang panatisismong pangrelihiyon para sa pasistang panunupil. Ginagamit nito ang tabing ng "Vision 2047 for Viksit Bharat" para magbuo ng "Hindu Rashtra" o bansang Hindu.



Panawagan para sa kapayapaan

Sa harap ng mga pag-atake, nagtipon ang mga demokratikong sektor sa Hyderabad, Telengana noong huling linggo ng Marso para ipanawagan sa estado ni Modi na makipag-usapang pangkapayapaan sa CPI (Maoist). Ilang araw matapos nito, tumugon ang CPI (Maoist) at nagpahayag ng kahandaang pumaloob sa usapan.

Sa pamamagitan ni Kasamang Abhay, tagapagsalita ng partido, inilatag ng CPI (Maoist) ang apat na mga kundisyon para sa negosasyon. Nag-alok din ang partido ng tigil-putukan kung positibong tutugon ang rehimeng Modi sa panawagan para sa usapang pangkapayapaan.

Una, iginigiit nito ang pagtigil sa Operation Kagaar na pumapatay sa mga sibilyan. Ikalawa, ipinatitigil nnito ang pagtatayo ng mga bagong kampo militar at manatili sa umiiral na mga kampo ang mga sundalo. Ikatlo, itigil ng estado ang paglalabas ng bagong mga Memorandum of Understanding o permit sa mga korporasyon para makapandambong sa kalikasan. At ikaapat, palayain ang lahat ng mga bilanggong pulitikal na inaresto dahil sa paglaban sa korporatisasyon at militarisasyon.

Sinuportahan ng iba't ibang demokratikong organisasyon ang kahandaan ng CPI (Maoist) na pumasok sa usapang pangkapayapaan sa ngalan ng kagalingan ng mamamayang Indian. Ngunit tulad ng inaasahan, tahasan itong kinontra ng reaksyunaryong estado. Anito, makikipag-usap lamang sila sa partido kung magpapahayag ito ng pagsuko.

Sa harap nito, determinado ang CPI (Maoist) at PLGA na ipagpatuloy ang kanilang armadong pakikibaka hanggang hindi natutugunan ang batayang mga suliranin ng mamamayang Indian. AB